

Kanser sa Suso

GABAY SA SCREENING

EDAD 25-39

Kausapin ang iyong doktor tungkol sa pagsisimula ng clinical breast exams at alamin kung mayroon kang risk factors na nagpapalaki ng iyong tsansang magkaroon ng kanser sa suso.

May risk factors ka ba?

MERON

Kausapin ang iyong doktor tungkol sa pagsisimula ng mga taunang mammogram o iba pang breast cancer screening tests BAGO mag-edad na 40.

Normal ba ang mga resulta ng test?

WALA

Abnormal ang resulta ng test at maaaring magpagawa ang doktor ng dagdag na testing.

WALA

EDAD 40+

Kausapin ang iyong doktor tungkol sa pagsisimula ng taunang mammogram at alamin kung may risk factors ka.

Normal ba ang mga resulta ng mammogram?

MERON


Patuloy na magpa-clinical breast exams at magpa-mammogram kada taon.

Maaaring ipakita ng mga resulta ng mammogram na may dense breast tissue ka.

Kausapin ang iyong doktor tungkol sa karagdagang testing.

WALA

Abnormal ang resulta ng test at maaaring magpagawa ang doktor ng dagdag na testing.



Magkakaiba ang bawat katawan. Ang pinakaimportanteng dapat gawin ay kausapin ang iyong doktor kung ano ang tamang screening options para sa iyo.

Mahalagang maging aware pagdating sa sariling suso

Mayroon ka bang alinman sa mga senyales o sintomas a ito?

- Bukol o pananakit sa suso
- Pangangapal o pamamaga sa parte ng suso
- Pagkairita o dimpling ng balat sa suso
- Pamumula o pamamalat ng suso
- Paglubog ng utong o pananakit ng bandang utong
- Likido, bukod sa gatas, na lumalabas sa utong, lalo na kung dugo
- Pagbabago sa laki at hugis ng suso

Kung OO, bisitahin ang iyong doktor para sa clinical breast exam at posibleng breast cancer screening test.

**Mga rekomendasyon mula sa American Society of Breast Surgeons.*

Risk Factors para sa Kanser sa Suso

Sabihin sa iyong doktor kung tugma sa iyo ang alinman sa mga risk factor na nasa ibaba. Ang pagkakaroon ng isa sa mga risk factor na ito ay maaaring dahilan para simulan ang screening para sa kanser sa suso nang mas maaga:

- Kapamilyang nagkaroon ng kanser sa suso, lalo na kung ina, kapatid, o anak
- Personal na nagkaroon ng kanser sa suso o hindi nakakakanser na sakit sa suso
- Isang genetic mutation na may kaugnayan sa kanser sa suso tulad ng sa BRCA genes
- Ilang etnisidad, tulad ng African Americans at mga kababaihang may lahing Eastern European Jewish
- Matagal na paggamit ng hormone replacement therapy
- Pagkakaroon ng unang regla bago ang edad na 12
- Panganganak sa unang pagkakataon nang lampas 35 taong gulang o hindi panganganak kahit kailan
- Kasaysayan ng radiation therapy sa dibdib bago ang edad na 40

Dense Breast Tissue

Binubuo ang mga suso ng lobules, ducts, at fatty at fibrous connective tissue. Kapag mas marami ang fibrous connective tissue kaysa sa fatty connective tissue ng suso, sinasabi nating dense ang tissue.

Napakakaraniwan ng dense breast tissue, pero maaari itong maghatid ng problema sa mga regular na screening mammogram. Lumalabas na puti ang dense breast tissue sa mammogram, na kapareho ng kahit anong abnormal. Dahil dito, maaaring hindi makita ng doktor ang bukol sa mammogram ng mga babaeng may dense breast tissue.

Walang paraan para malaman kung may dense breast tissue ka hanggang magpa-mammogram ka. Kung may dense breast tissue ka, sasabihin sa iyo at kakausapin ka ng iyong doktor tungkol sa mga karagdagang screening test, tulad ng MRI o ultrasound.

Screening Tests para sa

Clinical Breast Exam: Ang clinical breast exam ay isang pagsusuri ng doktor o nurse kung saan gagamitin nila ang mga kamay nila para kapain kung may bukol o iba pang pagbabago.

Mammogram: Ang mammogram ay isang x-ray picture ng suso. Mammogram ang pinakamahasag na paraan para maagang mahanap ang kanser, kung kailan pinakamadali itong gamutin.

3D Mammogram (breast tomosynthesis): Ang pinakabagong teknolohiya ay 3D mammography. Ipinagsasama ng imagining test na ito ang maraming breast x-ray para makagawa ng three-dimensional picture ng suso.

Diagnostic Mammogram: Ang diagnostic mammogram ay ginagamit kapag may problema sa suso, tulad ng nipple discharge o bukol, o kapag may nakitang abnormal sa screening mammogram. Kapag may nakitang abnormalidad sa iyong screening mammogram, hindi ito nangangahulugang may kanser ka sa suso; ibig sabihin lang, kailangan ka pang i-test ng iyong doktor. Maaaring may kasamang iba pang imagining tulad ng MRI o ultrasound ang diagnostic mammogram.

Automated Whole Breast Ultrasound: Ito ang nag-iisang teknolohiya ng ultrasound na aprubado ng FDA para sa deteksiyon ng kanser sa suso sa mga kababaihang may dense breast tissue.

Breast Magnetic Resonance Imaging (MRI): Gumagamit ang breast MRI ng magnets at radio waves para kunan ng pictures ang suso. Ginagamit ang MRI kasama ng mammograms para i-screen ang mga kababaihang may malaking tsansang magkakanser sa suso.



NEVADA CANCER
COALITION